Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 24, 2007, ARAW NG MARTES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Jun M. Asinas | . . . . . . . . | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>nasa lakad opisyal |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 100-T'07

**KAPASIYAHANG INILILIPAT AT IDINARAGDAG ANG HALAGANG APATNAPUNG LIBONG PISO (P40,000.00) MULA SA PONDONG REPRESENTATION EXPENSES BILANG KAPUPUNAN SA HALAGANG P19,100.00 NA NAKALAAN SA PONDO SA MEMBERSHIP FEES AND DUES PAREHONG NASA PONDO NG MENTINANSYA AT IBA PANG GUGULIN UPANG MAGAMIT SA DARATING NA HALALAN NG PHILIPPINE COUNCILORS' LEAGUE SA AGOSTO 1, 2007 SA CULTURAL CENTER OF LAGUNA.**

**SAPAGKA'T**, magkakaroon ng halalan ang Philippine Councilors' League sa Agosto 1, 2007 sa Cultural Center of Laguna na may Registration Fee na nagkakahalaga ng P3,000.00 at membership fee na P1,000.00 bawat isang Kagawad ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T**, kulang ang pondong nakalaan para sa Membership Fees and Dues ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayoy kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN**: Na pagtibayin ang sumusunod na:

## KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 12-T'07

**IPINAG-UUTOS** ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna

**SEKSYON 1** – Iliwat at idagdag ang halagang P40,000.00 mula sa pondong Representation Expenses bilang kapupunan sa halagang P19,100.00 na nakalaan sa pondo sa Membership Fees and Dues, parehong nasa pondo sa Mentinansya at Iba Pang Gugulin ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan upang magamit sa darating na halalan ng Philippine Councilors' League sa Lalawigan ng Laguna sa Agosto 1, 2007 sa Cultural Center of Laguna.

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**PINAGPASIYAHAN PA**: Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Gumaganap na Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa pagliliwat at paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit at ayon sa Ialayon ng kautusang ito.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

(Karugtong ng Kapasiyahan Blg. 100-T'07)



KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. RAMON D. TAN
Kagawad

KGG. ROMULO A. ELCA
Kagawad

KGG. LAURA P. OBLIGACION
Kagawad

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

KGG. ALDEN A. SULIT
Kagawad

NAGPATOTOO:

KGG. JUN M. ASINAS
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan